Tinta

Gloc-9

Pwedeng asul
pwedeng itim
pwedeng pula
pwedeng iba, ang mahalaga'y kung ano ang maiintindihan nila.
sila na syang makikinig at kakabisado ng kanta
ngayon sabihin mo sa akin, paano mo ginamit ang tinta.

Ahh ahh ahh ahh ahh
Ahh ahh ahh ahh ahh

Nagsimula ang lahat ng aking mahawakan ang papel at panulat habang
ako'y tinuturuan ni nanay habang sya'y naglalaba ng damit sa poso
paulit-ulit isinusulat at dapat deretso ang mga, laetra na parang
petsa sa kalendaryo, magbasa ng aklat kung minsan nama'y komiks at dyayryo
ng sa gayo'y mapalawak ang aking bokabularyo at hindi imbento na
parang gamot ng albularyo.

Nag-aral isa dalawa tatlong baytang sa elementarya natapos sa ika-
anim ngunit walang medalyang nakasabit sa aking leed, kundi
sampagitang dala-dala ni tatay pagkatapos mamasada. lumipas ang
mga taong sinubukang lumikha mga salitang magkatugma na ang
tawag ay tulam ngunit may nagsabi sa akin cris pagnaron ka na, sabihin
mo saakin kung paano mo ginamit ang tinta.

Pwedeng asul
pwedeng itim
pwedeng pula
pwedeng iba, ang mahalaga'y kung ano ang maiintindihan nila.
sila na syang makikinig at kakabisado ng kanta
ngayon sabihin mo sa akin, paano mo ginamit ang tinta.

Ahh ahh ahh ahh ahh
Ahh ahh ahh ahh ahh

Paggising mo sa umaga maliligo ka sa banyo, papasok ka sa eskwela,
manghihingi ka ng baon, kung titigna'y wala kang pinagkaiba sa lahat
ngunit sa iyong isipan ay may nabubuong alamat
ng isang makatang laging titingalain ng lahat
ang mga awit ay sasambitin, awit mo'y kakantahin
ng lahat ng batang tulad mo'y may pangarap rin.

Ngunit ngayo'y nagisisimula ka pa lang
di mo hahayaang pigilan ang iyong bawat hakbang
kahit na ito'y mabagal na parang nakasaklay
ang mga pangarap mo syang sandata mong taglay
at walang makakapigil, kahit minsan ay parang
wala ka ngang maayos na lupang pwede mong lakaran
ngunit pagdating ng aray at naron ka na sabihin mo
sa akin kung paano mo ginamit ang tinta.

Owedeng asul
pwedeng itim
pwedeng pula
pwedeng iba, ang mahalaga'y kung ano ang maiintindihan nila.
sila na syang makikinig at kakabisado ng kanta
ngayon sabihin mo sa akin, paano mo ginamit ang tinta.

Ahh ahh ahh ahh ahh
Ahh ahh ahh ahh ahh

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!